# Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 30

"9 Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios." (Mateo 5:9)

Tayo'y magpapatuloy sa pagaaral sa Mateo 10 upang matuklasan ng ma's malinaw sa anong ibig sabihin ni Jesus aa mga tagapagpaya at kung paano Niya nais na tayo'y mamuhay ng ating buhay para sa Kanya.

"16 Narito sinusugo ko kayong gaya ng mga tupa sa gitna ng mga lobo: maangapakatalino nga kayo katulad ng mga anak at manqagpakatintimang gaya ng mga kalapati" (Mateo 10:16) Si Jesus ay inihalintulad ang Kanyang mga apostoles sa mga tupa sapagkat kailangan nilang maging maamo at mababa ang kanilang mga espiritu, hindi nakakapinsala, hindi nakakainsulto ang kanilang buhay at pakikipagusap; tayo ay mahina at hindi maprotektahan ang kanilang mga sarili, at tayo ay ipinadala sa pamamagitan Niya ng walang sandata at walang magtatanggol; ang tupa ay hindi kayang kumagat; at ang kanilang pangaapi at panguusig ay inihalintulad sa lobo, dahil sila ay mabagsik, galit na galit, masama, mabangis at mapanakit sa mga tupa; kaya naman si Cristo ay nagbigay sa kanila ng ganito mabuting payo: "Mangagpakatalino nga kayo katulad ng ahas at mangagpakatimtimang gaya ng kalapati." Tayo ay tinawag upang mangagpakumbaba katulad ng tupa, handang mag ministerio sa mga masasamang tao (lobo) at ihatid ang mabuting balita sa kanila.

"Mangagpakatalino nga kayo katulad ng ahas at mangagpakatimtimang gaya ng mga kalapati." Tayo nga ay tinawag na maging na hindi makakapinsala gaya ng kalapati sa puso, gayon pa man maging dalubhasa katulad ng mga ahas sa bansa ng mundo. Ang ahas ay napakatalas ng paningin, tusong nilalang, at gumagamit ng iba't ibang sining at diskarte para sa sarili nitong pangangalaga, at lalo na ginagamit ang ulo nito. Ang ahas ay napakalayo na gayahin ang mga tagasunod ni Cristo, habang gumagamit ng lahat ng tamang paraan upang panatilihin ang kanilang sarili mula sa mga panlalait at galit ng mga tao, at huwag ilantad ang kanilang mga sarili sa hind kinakailangang panganib at higit sa nasa kanilang mga kamay, dapat sila ay maging maingat na magbigay hindi lamang sa okasyon ng pagkakasala, o pagkainis, at galitin ang gumagawa ng masama upang hindi nila sila sasaktan. Tayo bilang mga tupa ng Panginoong JesuCristo, dapat nating iwasan ang lahat ng mga patibong at bitag na nakaabang para sa atin; at sa parehong panahon, tayo ay tinawag na panatilihin ang pagkainosente at hindi nakakasamang kalapati, pagiging malaya mula sa lahat ng masamang katalinuhan at katusuhan ng walang sama ng loob, kapaitan, poot, masamang loob, masamang hangarin, poot; hindi nagiisip at naghahanap ng paghihiganti, ngunit maamo at mapagkumbaba, nangunguna sa hindi nakakasamang buhay at magpatuloy sa daan ng ating katawagan.

Bilang mga alagad ng Panginoon, kahit na tayo ay mananagot sa maraming panlalait, at marami nangaapi, tayo ay tinawag na maging katulad ng ahas, na gawin ang lahat ng kaya nating gawin upang protektahan ang ating mga sarili, at huwag galitin ang iba. Tayo ay tinawag na gaya ng kalapati na hindi nananakit, may milinis na mga puso, at wala kasamaan patungo sa iba.

Kailangan natin gawin ang misyon ng Panginoon sa tamang paraan. Kailangan nating umalis gawin ang gawain kasama ng ating espirituwal na mga kaloob, upang pagalingin ang maysakit, palayasin ang mga demonyo, linisin ang mga tao mula sa kanilang ketong, upang linisin sila mula sa mga kasalanan at mga bagay na inihiwalay sila sa mula sa paglapit sa Diyos, upang buhayin ang mga patayin alinman sa totoo o upang panumbalikin ang buhay ng mga tao na nawalan ng buhay at liwanag sa paghahatid ng mensahe at ang plano ng Diyos sa kanila.

Kailangan nating humanap ng karapat dapat na mga tao at makipagtrabaho sa kanila. Kailangan nating ibigay ang eksaktong mensahe, kailangan nating makatanggap mula sa mga tao ng karapat dapat nating matanggap. Hindi natin kailangang makikompromiso kahit na kung ang mga tao'y nagagalit sa atin at masama makitungo sa atin. Kailangan nating tiisin ang panguusig, pangaabuso, at poot at kailangan nating ipagpag ang ating mga paa mula sa alikabok bilang tanda laban sa atin, at kailangan nating huwag makasakit gaya ng kalapati at malinis ang puso kahit sa mga taong nanakit sa atin at pinakikitunguhan tayo ng masama.

"17 Datapuwa't mangagpakaingat kayo sa mga tao: sapagka't kayo'y ibibigay nila sa mga Sanedrin at kayo'y hahampasin sa kanilang mga sinagoga;" (Mateo 10:17) Ngunit mangagingat kayo sa mga tao: si Jesus ay nagbabala sa atin mula sa mga tao at sa kanilang galit at sabwatan. Sa gayon kailangan natin ibigay ang ating higit na tiwala sa Diyos at sa Kanyang Salita at sa Kanyang mga pangako. Siya ay nagbabala sa Kanyang mga apostoles na sila'y uusigin at ibibigay sa mga konseho ng mga Judio at sa kanilang sinagoga sila'y papasakitan, tatanggihan, hahampasin, aalisin ang kanilang mga pribilehiyo at ihihiwalay. Isa sa paraan ng paguusig ay inaalis ang mga pribilehiyo at paghihiwalay. Tayo sa maraming lugar na nawala ang ating mga pribilehiyo at hinarangan upang piliting gumawa ng maling gawain. Magaganap iyan kapag ang ating paninindigan ay sumasalungat sa panindigan ng sanglibutan.

"18 Oo at kayo'y dadalhin sa harap ng mga gobernador at mga hari dahil sa akin, sa pagpapatotoo sa kanila at sa mga Gentil." (Mateo 10:18) Siya ay nagsabi din sa kanila na ang sabwatan ng mga Judio ay magaganap upang ihatid sila sa mga Hentil, gobernador, at iyon ang magiging masamang patotoo sa mga umuusig sa kanila at sila'y hahatulan para doon, ngunit iyong din ang mabuting pagkakataon at isang mabuting patotoo sa iba upang marinig nila ang tungkol kay Cristo at sa mga detalye. Bilang isang tagapagpayapa, ang mga paratang at ang mga pagtatalo na ang mga gumagawa ng gulo ay magtatakda laban sa atin, bilang tayo ay tagapagpayapa ay gagamitin natin upang ikalat pa ang mga detalye tungkol kay Cristo at ang kaligtasan ng Diyos.

Si Jesus ay nagsabi, "dahil sa akin" , sa gayon para sa kapakanan ni Cristo kailangang maging handa tayo na pumunta, upang pumunta ng may mahusay na pamamaraan, upang makahanap ng karapat dapat na mga tao, upang magebanhelyo, upang paalisin ang mga demonyo, upang pagalingin ang maysakit, upang linisin ang may ketong , upang pabangunin ang patay, at upang handa upang maghirap, usigin, at maging handang magpatawad, upang maging maamo, upang kumilos ng may katalinuhan, at huwag maghiganti o may masamang

damdamin, at galit o sama ng loob laban sa atin na nanakit sa atin. Ang mga tagapagpayapa ay hindi gagawa ng kapasyahan upang huminto sa pageebanghelyo at abutin ang bagong bayan dahil sila'y nasaktan sa nakaraan. Ginagawa natin ito para sa kapakanan ni Cristo.

"19 Datapuwa't pagka kayo'y ibinigay nila, huwag ninyong ikabalisa kung paano o kung ano ang inyong sasabihin: sapagka't sa oras na yaon ay ipagkakaloob sa inyo ang inyong sasabihin. 20 Sapagka't hindi kayo ang mangagsasalita, kundi ang Espiritu ng inyong Ama ang sa inyo'y magsasalita." ( Mateo 10:19-20) Dito, kapag tayo'y nalagay sa ganitong kalagayan, hindi natin natin kailangang magalala tungkol sa anong ating sasabihin o ipapahayag. O anong mensahe ang kailangan nating ihanda. Samakatuwid, habang iniaalay natin ang ating buhay sa Panginoon upang maging mga tagapagpaya pagkatapos ang Panginoon ay magbibigay din sa atin ng kinakailangang mensahe. Ngayon ang kinakailangang mensahe ay may karunungan ng Diyos na hindi kayang labanan ng tao. "12 Datapuwa't bago mangyari ang lahat ng mga bagay na ito, ay huhulihin kayo, at paguusigin kayo, na kayo'y ibibigay sa mga sinagoga at sa mga bilangguan, na kayo'y dadalhin sa harapan ng mga hari at mga gobernador dahil sa aking pangalan. 13 Ito'y magiging patotoo sa inyo. 14 Pagtibayin nga ninyo ang inyong mga puso, na huwag munang isipin kung paano ang inyong isasagot: 15 Sapagka't bibigyan ko kayo ng isang bibig at karunungan, na hindi mangyayaring masalangsang o matutulan man ng lahat ninyong mga kaalit." (Lucas 21:12-15) Ang mensahe na ang Diyos ang nagbigay sa atin ay maaring makasakit sa mga tao at sa mga hindi karapatdapat, na hindi karapat dapat sa atin, at maari silang magsalita at gumanti laban sa atin, ngunit kailangan natin magpasailalim sa kalooban ng Banal na Espiritu at sabihin sa kanila na ang mensahe ng Diyos na nais sa atin na ipahayag sa kanila. Kailangan nating magpasailalim sa kalooban ng Banal na Espiritu at hayaan ang mensahe ng Diyos na gusto sa atin upang ipahayag sa kanila ay lumabas mula sa ating bibig. Ganon din kailangan nating magpasailalim sa kalooban ng Banal na Espiritu at panatilihin ang ating mga puso na dalisay, at walang sakit o sama ng loob laban sa mga nanakit sa atin.

Ang kamunduhan at pagkompromiso at ang takot sa tao ay hindi makakagawa sa atin ng mga tagapagpaya na ninanais ng Diyos. Ngunit kapag naipahayag na natin ang mensahe ng Diyos at ang Salita ni Jesus pagkatapos tayo ay nasa ganoong pangyayari na ang mga tagapagpayapa na itinuturo ng Banal na Kasulatan na maging.

"21 At ibibigay ng kapatid ang kapatid sa kamatayan, at ng ama ang kaniyang anak: at mangaghihimagsik ang mga anak laban sa kanilang mga magulang, at sila'y ipapapatay." ( Mateo 10:21) Ang paguusig ay lumawak upang tayo uusigin ng mga tao na napakalapit sa atin, kahit malapit sa kamaganak, mga kapatid na lalaki, mga kapatid na babae, mga magulang, at mga anak, asawang lalaki o asawang babae.

Kapag umabot ito sa loob ng pamilya nangangahulugang ang ating pagibig patungo sa Diyos ay kailangang lumampas sa ating pagibig sa ating sariling pamilya. Ang gusto ng Diyos ay maging tunay na mga tagapagpaya at huwag makipagkompromiso.

"22 At kayo'y kapopootan ng lahat ng mga tao dahil sa aking pangalan: datapuwa't ang magtitiis hanggang sa wakas, ay siyang maliligtas." ( Mateo 10:22) Sa madaling sabi tayo ay kapopootan ng lahat ng tao, ang malapit at ang malayo, ang karaniwang mga tao, ang kapwa, ang nga kaibigan, ang mga kamaganak, at kahit ang ating sariling miyembro ng pamilya. Si Jesus ang nagsabi na tayo ay kamumuhian ng lahat ng tao.

Maraming tao ang nagsabi sa akin, Pastor ako'y kasama mo, ikaw ay mabuting tao, ngunit ngayon sila'y namumuhi sa akin, lumalaban sila ng matindi laban sa akin, ginagawa nila ang lahat upang pabagsakin ako; sila'y napopoot sa akin katulad ng hinula ni Jesus, "At kayo'y kapopootan ng lahat ng mga tao dahil sa aking pangalan:" Kailangan nating magtiyaga diyan at tiisin ito, kung tayo'y manindigan diya at hindi makikikompromiso tayo ay maliligtas. Tayo ay maliligtas habang tayo'y nagpapatuloy upang ibigay ang tamang mensahe na ibinibigay ng Diyos sa atin upang ipalaganap. Ang ating paninindigan, pagtitiis sa lahat ng poot ng mga tao ay ang pagibig ng Diyos na Siya ang nagpadala sa mundo sa pamamagitan ng ating mga buhay.

"23 Datapuwa't pagka kayo'y pinagusig nila sa isang bayang ito, ay magsitakas kayo tungo sa kasunod na bayan: sapagka't sa katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi ninyo matatapos libutin ang mga bayan ng Israel, hanggang sa pumarito ang Anak ng tao." (Mateo 10:23) Tayo ay paguusigin sa gayon kailangan nating tumakas at magtago sa ibang bayan upang ipahayag ang Kanyang Salita, at ito ang magiging daan para sa mensahe upang maipalaganap. Hindi tayo nagtataas ng paghihiganti at poot nguni't tayo ay nagpapalaganap pa ng Salita ng Diyos. "Hindi ninyo matatapos libutin ang mga bayan ng Israel, hanggang sa pumarito ang Anak ng tao."Dito si Jesus ay pinagtibay sa kanila na Siya ay darating at pinagtibay sa kanila at sa mga tao at sa mga bayan na kanilang inaabot na anong kanilang ginagawa, na silay ipinadala ng Panginoon.

Nang sinabi ni Jesus, "Hindi ninyo matatapos libutin ang mga bayan ng Israel", Dito ang Panginoon ay ipinilit sa kanila ang tularan at mahusay na pamamaraan na kailangan nilang gawin sa kanilang pageebanghelyo, at sa kanilang pakikipagugnayan na ating natalakay kanina, kailangan nila munang abutin ang mga Judio, ang kanilang sariling bayan kailangan nila abutin una bago sila pumunta sa Samaria at sa mga Hentil. Bilang mga tagapagpaya kailangan nating pagsumikapan ang parehong mahusay na pamamaraan sa pakikipagugnayan una sa ating pamilya pagkatapos sa ating mga kamaganak, mga kapitbahay, mga kaibigan, sa ibang bayan, pagkatapos sa buong mundo.

"24 Hindi mataas ang alagad sa kaniyang guro, ni hindi rin mataas ang alila sa kaniyang panginoon. 25 Sukat na sa alagad ang maging katulad ng kaniyang guro, at sa alila ang maging katulad ng kaniyang panginoon. Kung pinanganlan nilang Beelzebub ang panginoon ng sangbahayan, gaano pa kaya ang mga kasangbahay niya!" (Mateo 10:24-25) Dito ulit ang Panginoon ay sinigurado sa mga alagad na sila'y uusugin at masamang pangalan, at masamang tanda ng may masamang repustasyon bilang ang ating Panginoon ng Kanyang sarili ay naghirap. Tinawag nila Siya Beelzebub, at ang mga alagad ay tinawag na ganon din; tulad ng inaalihan ng demonyo, gumagawa ng masama, galit na mga tao,atbp. Si Beelzebub ay diyos ng Ekron, "2 At si Ochozias ay nahulog sa silahia sa kaniyang silid sa itaas na

nasa Samaria, at nagkasakit: at siya'y nagsugo ng mga sugo, at nagsabi sa kanila, Kayo ay magsiyaon, usisain ninyo kay Baal-zebub, na dios sa Ecron, kung ako'y gagaling sa sakit na ito." (2 Mga Hari 1:2) Ang salitang "Beelzebub" ay naglalarawan ng isang amo ng lumilipad o panginoon ng lumilipad, ang diyos ng Ekronita, at itong idolo ay tinawag na gayon, alinman dahil ito ay hugis ng isang paliparan o dahil maraming langaw tungkol dito, kung saan naipon sa dahilan ng dugo ng mga sakripisyo at kung bakit hindi ito magawang itaboy; at samakatuwid ang mga Judio ay may panunuyang ibinigay ang pangalang ito. Habang nasa templo ng Diyos sa kabila ng lahat ng karamihan ng mga alay na inihandog doon walang nakita isang langaw sa bahay ng katayan. Ang ating Diyos ay Diyos ng nasusunog sa talahiban, Mayroong apoy ngunit ang puno ay hindi nasusunog, mayroong maraming mga kinatay na mga handog ngunit wala doon mga langaw, mayroong paguusig ngunit ang mensahe ay lalo nagiging malinaw, mayroon parusa at pagaaklas ngunit tayo ay maayos na nabibiyayaan, mayroong maraming kaguluhan mula sa labas ngunit tayo ay mapayapa mula sa loob.

Ang ating Panginoong Jesus ay nagmungkahi, na yamang Siya ay ang pinakadakilang guro ay tinawag ng ganoong pangaabuso, ito ay dapat na walang sanhi ng pakakatisod at pagkakasala, kung ang mga mas mababang uri ng pamilya ay dapat na madungisan ng masamang pangalan; kung ang mga Kristiyano ay tinawag lagi ng ganoong masamang mga pangalan, kahit bilang mga dyablo o mga gumagawa ng masama, silay dapat hindi mabalisa doon; yamang ang kanilang Panginoon at Guro ay tinawag ng prinsipe sa kanila.

"26 Huwag nga ninyo silang katakutan: sapagka't walang bagay na natatakpan, na hindi mahahayag; at natatago na hindi malalaman." (Mateo 10:26) Si Jesus ay nagsabi sa kanila na huwag matakot kung ang kanilang reputasyon ay maging masama, sa ganito at huwag matakot dahil walang nanatiling nakasara ngunit ang katotohanan ay mahahayag at isisiwalat at silay maipagtatanggol. "27 Ang sinasabi ko sa inyo sa kadiliman, ay sabihin ninyo sa kaliwanagan; at ang narinig ninyo sa bulong, ay inyong ipagsigawan sa mga bubungan." (Mateo 10:27) Si Jesus dito ay sinigurado sa kanila na anuman ang kanilang natanggap mula sa kanya ay katotohanan at ito'y napagtibay kaya sila'y hindi kailangang magtago ngunit upang ihayag ito sa liwanag at upang ipangaral ito mula sa bubungan ng mga bahay upang maraming tao ang makarinig. Si Jesus ay nagsabi sa kanila na hindi nila kailangang matakot sa mga reaksyon ng mga tao dahil ang Diyos sa malaon at madali ay pagtitibayin ang Kanyang Salita na kanilang ipinapahayag.

"28 At huwag kayong mangatakot sa mga nagsisipatay ng katawan, datapuwa't hindi nangakakapatay sa kaluluwa: kundi bagkus ang katakutan ninyo'y yaong makapupuksa sa kaluluwa at sa katawan sa impierno." (Mateo 10:28) Dito ang Panginoon ay sinasabi sa kanila na sila'y paguusigin, ngunit huwag matakot sa pumapatay sa katawan at walang magagawa sa kaluluwa, ngunit matakot sa Diyos na makakapuksa sa kapwa sa kaluluwa at ng katawan sa impierno. Kaya dito ang Panginoon ay nagsalita ng malinaw tungkol sa impyerno, ang katapusan ng lahat ng walang takot sa Diyos at lumakad sa Kanyang paraan. Siya ay nagbabala sa kanila na huwag matakot sa tao at makikompromiso ngunit matakot sa Diyos at manindigan sa katotohanan. Kailangan nating balaan ang mga nanguusig sa atin at ginugulo tayo na mayroong impierno sa unahan nila kung sila'y hindi magsisisi at tumalikod mula sa kanilang mga kasalanan at sa kanilang pagkapoot sa atin.

"29 Hindi baga ipinagbibili ng isang beles ang dalawang maya? at kahit isa sa kanila'y hindi mahuhulog sa lupa kung hindi pahintulot ng inyong Ama:" (Mateo 10:29) Si Jesus ay nagsabi dito, ang mga maya na may mababang halaga na dalawa sa kanila ay ipinagbili para sa isang beles (isang napakaliit na barya may 4 na butil ng pilak), gayon pa man ang mga maya ito ay hindi mahuhulog sa lupa ng walang pagpayag at ng kaalaman ng Diyos Ama. Kaya kailangan nating ihalintulad ang ating sarili ngayon, gaano pa ang Diyos ang magiingat para sa atin habang desidido upang magpatuloy at maglingkod sa Kanya at ihayag ang Kanyang Salita sa
sa iba.

"30 Datapuwa't maging ang mga buhok ng inyong ulo ay pawang bilang na lahat." (Mateo 10:30) Si Jesus kahit na inihayag dati sa mga apostoles at sa atin ngayon na kahit ang mga buhok ng ating ulo ay bilang. Ang Diyos ay nalalaman ang lahat ng bagay tungkol sa atin at tungkol sa kahit ang pinakamaliit na mahalagang detalye sa ating buhay. Samakatuwid, "31 Huwag nga kayong mangatakot: kayo'y lalong mahalaga kay sa maraming maya." (Mateo 10:31) Hindi dapat tayo matakot mula sa mga tao, mula sa panguusig, mula sa pananakot, mula sa mga taong napopoot sa atin para sa kapakanan ng katotohanan, dahil ang Diyos ay magpapatuloy upang kalingain tayo, maitaguyod tayo, patunayan sa anong ginagawa natin, at hindi Niya hahayaan ang anuman na mangyari sa atin ng walang ang Kanyang kaalaman o pagapruba.

Sinabi ni Jesus ang mga sumusunod:

"32 Kaya't ang bawa't kumikilala sa akin sa harap ng mga tao, ay kikilalanin ko naman siya sa harap ng aking Ama na nasa langit. 33Datapuwa't sinomang sa aki'y magkaila sa harap ng mga tao, ay ikakaila ko naman siya sa harap ng aking Ama na nasa langit." (Mateo 10:32-33) Kung tayo ay maninindigan kasama ng Panginoon at gagawin ang misyon sa isang karapatdapat na paraan at kilalanin Siya at ang Kanyang Salita sa harapan ng mga tao. Kikilalanin Niya tayo sa huling araw sa harapan ng Diyos Ama. Sasabihin Niya sa Diyos Ama na kilala Niya tayo at tayo ay Kanya. Ngunit kung binigo natin Siya, Siya ay ipagkakaila tayo sa harapan ng Diyos Ama at Siya ay magsasabi na hindi Niya kilalala tayo

Upang makarating at makapunta sa langit kailangan nating maninindigan kasama ng Panginoon at maging angkop na mga tagapagpaya ng sanglibutan ayon sa ating paninindigan laban sa kasalanan, kamunduhan, kasamaan, at pakikikompromiso at sa ganitong mga tao na namumuhi sa atin at inuusig tayo.

Ang mga tagapagpaya na tayo ay tinawag na maging sa pamamagitan ni JesuCristo ay iba mula sa anong iniisip ng sanglibutan tungkol sa kapayapaan: Kahit sa mga ganyansi Jesus na atng Panginoon ay ipinahayag ito: "34 Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang magdala ng kapayapaan sa lupa: hindi ako naparito upang magdala ng kapayapaan, kundi tabak." (Mateo 10:34) Ang uri ng kapayapaan na gusto

ng Diyos sa atin na gawin ay pukawin, ihayag ang gawain ng kadiliman, isiwalat ang mga kasalanan, upang gambalain ang pundasyon ng kasamaan, pakikikompromiso, at ang walang katarungan, at ang lahat na pukawin sa paguusig, at digmaan at poot laban sa atin habang itinatayo natin ang tabak ng Espiritu, ang Salita ng Diyos laban kay Satanas, laban sa kasalanan, at laban sa kapangyarihan ng kadiliman.

"35 Sapagka't ako'y naparito upang papagalitin ang lalake laban sa kaniyang ama, at ang anak na babae laban sa kaniyang ina, at ang manugang na babae laban sa kaniyang biyanang babae: 36 At ang magiging kaaway ng tao ay ang kaniya ring sariling kasangbahay." (Mateo 10:35-36) Si Jesus ay dumating upang maglagay ng pagitan sa isang pamilya, sa pagitan ng anak at sa mga ama, sa pagitan ng mga anak na babae at mga ina, at ang magiging kaaway ng tao ay mula sa kaniyang sariling pamilya.

Nasaan na tayo ngayon mula sa Salita ni Jesus? Bilang mga manggagawa, bilang naglilingkod, bilang mga pastor, bilang simbahan ng Diyos, bilang katawagan, hinahayaan ba natin ang lahat ng tao ay mamuhi sa atin, o tayo ay nakipagkompromiso at pinupukaw ang galit at ang poot ng Panginoon laban sa atin?

"37 Ang umiibig sa ama o sa ina ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin; at ang umiibig sa anak na lalake o anak na babae ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin." (Mateo 10:37) Kung ang mga tao at malapit sa relasyon kamaganak ng higit sa Diyos sa gayon tayo ay hindi magiging karapatdapat sa Kanya. Kailangan nating hayaan ang mga tao upang maging hindi karapatdapat sa atin, upang tayo ay maging karapatdapat kay Jesus.

"38 At ang hindi nagpapasan ng kaniyang krus at sumusunod sa akin, ay hindi karapatdapat sa akin." (Mateo 10:38) Ito ang ating krus na kailangan nating pasanin sa araw araw upang maging mga tagapagpaya sa paraan ng Diyos na gusto sa atin upang maging sa ganon tayo ay maaring maging karapatdapat sa Panginoon. Kung tayo ay makikipompromiso at mambola upang makuha ang ating kaginhawaan tayo ay magiging hindi karapatdapat para sa Panginoon

"39 Ang nakasusumpong ng kaniyang buhay ay mawawalan nito; at ang mawalan ng buhay dahil sa akin ay makasusumpong niyaon." (Mateo 10:39) Kung tayo ay mawalan ng buhay sa kagustuhan upang sumunod sa Salita ni Cristo at mga kautusan at mabuhay ng naayon sa kung anong Kanyang sinabi pagkatapos tayo ay makakasumpong ng tunay na buhay at walang hanggan na ibinigay ni Jesus sa atin. Ngunit kung tayo ay makamundo at gusto natin pasayin ang buhay katulad ng mga tao sa gingawa ng sanglibutan, sa gayon tayo ay mawawalan ng buhay at tayo ay magtatapos sa impyerno.

"40 Ang tumatanggap sa inyo ay ako ang tinatanggap, at ang tumatanggap sa akin ay tinatanggap ang nagsugo sa akin." (Mateo 10:40) Si Jesus dito ay sinugurado sa Kanyang mga apostol at sinisigurado sa atin ngayon at pinapatunayan sa atin ang kaparaanan na kailangan Niya sa atin upang tahakin. Kung sila'y tinatanggap tayo kasama ng paraan ni Cristo na nais sa atin upang puntahan sa nasabing maalat na mensahe at madaliang misyon sa gayon ay tinatanggap nila si Cristo. Ngunit kung pupunta tayo sa kanila na may mga pagdiriwang ng kaarawan at pagdiriwang ng Pasko, pampaganda, at mga bigkis ng pang-papapuri sa gayon tayo ay nageendorso sa kanila Beelzebub.

Kaya narito ang isang tagapaghatid, sino ang Diyos Ama, na nagsugo kay Jesucristo, na nagpapadala sa atin. Samakatuwid kailangan nating dalhin ang mensahe ng Diyos sa mga tao kung saan tayo ipinapadala ng Diyos at sino tingnan kung paano nila tatanggapin tayo. Kung tatanggapin nila ang mensahe sa gayon tinatanggap nila si Cristo at ang Diyos Ama, at kung hindi nila tatanggapin ang mensahe sa gayon ay tinatanggihan nila si Cristo at ang Diyos Ama.

"41 Ang tumatanggap sa isang propeta dahil sa pangalan ng propeta ay tatanggap ng ganti ng isang propeta: at ang tumatanggap sa isang taong matuwid dahil sa pangalan ng isang taong matuwid ay tatanggap ng ganti ng isang taong matuwid." ( Mateo 10:41) Kailangan nating pumunta sa kanila bilang mga propeta na nagpapahayag sa kanila ng kalooban nb Diyos sa kanilang buhay at ano ang nais ng Diyos sa kanila upang gawin at kailangan nating pumunta sa kanila bilang matuwid na tao na nangagutom at nangauhaw para sa katuwiran, at kung silay tatanggapin tayo ayon doon aa gayon sila'y hindi nabigo upang tanggapin ang kanilang gantimpala mula sa Diyos. At habang sila'y sumosuporta sa atin at sa ating misyon at sumasangayon sa atin, pagkatapos ang Diyos ay gagantimpalaan sila sa naaayon.

"42 At sinomang magpainom sa isa sa maliliit na ito ng kahit isang sarong tubig na malamig, dahil sa pangalang alagad, katotohanang sinasabi ko sa inyo na hindi mawawala ang ganti sa kaniya." (Mateo 10:42) Si Jesus ay nagsalita dito na ang mga tao na tumatanggap sa atin bilang alagad nj Jesus dahil nakikita nila sa atin na tayo'y nagsusumikap upang sumunod kay Cristo, upang matuto mula sa Kanya at tularan Siya, at sumusuporta sa atin, sila'y hindi mabibigo upanbg tanggapin ang gantimpala na inilaan sa kanila, kahit na sila'y nag alok sa ating ng isang tasa ng tubig.

"Isang sarong tubig na malamig" nangangahulugang ito'y tinatrato ba maging malamig, at nangangahulugang ito ay inilalagy sa ilang sisidlan at sa ilang lugar upang lumamig at nangangahulugang may pagsisikap ang ginugol dito upang mapanatiling malamig upang maginhawaan ang pakiramdam ng mga alagad. Ang mga gumagawa ng ganito sa atin nakikitungo sa atin ng mabuti sa pagiging Kanyang mga alagad, silay hindi mawawalan ng kanilang gantimpala kung sila'y magpapatuloy na gawin ang katulad at huwag sumuko.

Sa aking mahal at minamahal:

Ang mga tagapagpaya ay harapin muna ang kasalan kung saan man ito'y posible.

Ang mga tagapagpaya ay sila'y mayroong takdang gawain na kailangan nilang matupad upang harapin ang kasalanan upang ihatid ang kapayapaan.

Tayo ay tinawag na maging mapakumbaba katulad ng tula, handang magministerii aa masamang tao (lobo) at ihatid ang mabuting balita sa kanila

Bilang mga tagapagpaya tayo ay tinawag upang hindi makapinsala gaya ng kalapati sa puso, gayon pa man maging dalubhasa katulad ng mga ahas sa bansa ng mundo.

Bilang mga tagapagpaya ikaw dapat ay maging katulad ng tupa ng Panginoong JesuCristo, dapat mong iwasan ang lahat ng mga patibong at bitag na nakaabang para sayo; at sa parehong panahon, ikaw ay tinawag na panatilihin ang pagkainosente at hindi nakakasama bilang kalapati, pagiging malaya mula sa lahat ng masamang katalinuhan at katusuhan ng walang sama ng loob, kapaitan, poot, masamang loob, masamang hangarin, poot; hindi nagiisip at naghahanap ng paghihiganti, ngunit maamo at mapagkumbaba, nangunguna sa hindi nakakasamang buhay at magpatuloy sa daan ng ating katawagan.

Bilang mga tagapagpaya at bilang mga alagad ng Panginoon, kahit na tayo ay mananagot sa maraming panlalait, at marami nangaapi, tayo ay tinawag na maging katulad ng ahas, na gawin ang lahat ng kaya nating gawin upang protektahan ang iyong sarili, at huwag galitin ang iba. Tayo ay tinawag na gaya ng kalapati na hindi nananakit, may milinis na mga puso, at wala masama patungo sa iba.

Bilang mga tagapagpaya hiindi natin kailangang makikompromiso kahit na kung ang mga tao'y nagagalit sa atin at masama makitungo sa atin. Kailangan nating tiisin ang panguusig, pangaabuso, at poot at kailangan nating ipagpag ang ating mga paa mula sa alikabok bilang tanda laban sa atin, at kailangan nating huwag makasakit gaya ng kalapati at malinis ang puso kahit sa mga taong nanakit sa atin at pinakikitunguhan tayo ng masama.

Bilang isang tagapagpayapa, ang mga paratang at ang mga pagtatalo sa mga nanggugulo ay magtatakda laban sa atin, bilang tayo ay tagapagpayapa ay gagamitin tayo upang ikalat pa ang mga detalye tungkol kay Cristo at ang kaligtasan ng Diyos.

Bilang isang tagapagpayapa, ang mga paratang at ang mga pagtatalo na gumagawa ng gulo ay magtatakda laban sa atin, bilang tayo ay tagapagpayapa ay gagamitin natin upang ikalat pa ang mga detalye tungkol kay Cristo at ang kaligtasan ng Diyos.

Bilang mga tagapagpaya para sa kapakanan ni Cristo kailangang maging handa tayo na pumunta, upang pumunta ng may mahusay na pamamaraan, upang makahanap ng karapat dapat na mga tao, upang magebanhelyo, upang paalisin ang mga demonyo, upang pagalingin ang maysakit, upang linisin ang may ketong , upang pabangunin ang patay, at upang handa na maghirap, usigin, at maging handang magpatawad, upang maging maamo, upang kumilos ng may katalinuhan, at huwag maghiganti o may masamang damdamin, at galit o sama ng loob laban sa atin na nanakit sa atin. Ang mga tagapagpayapa ay hindi gagawa ng kapasyahan upang huminto sa pageebanghelyo at abutin ang bagong bayan dahil sila'y nasaktan sa nakaraan. Gingawa natin ito para sa kapakanan ni Cristo.

Bilang mga tagapagpaya, kailangan nating magtiwala sa Diyos na Siya ang magbibigay sa atin ng kinakailangang mensahe. Ilagay nating sa ating mga isip na ang mensahe ng Diyos na ibibigay sa atin ay maaring makasakit sa mga tao at sa mga hindi karapatdapat, na hindi karapat dapat sa atin, at maari silang magsalita at gumanti laban sa atin, ngunit kailangan natin magpasailalim sa kalooban ng Banal na Espiritu at sabihin sa kanila na ang mensahe ng Diyos na nais sa atin upang ipahayag sa kanila.

Ilagay mo sa iyong isip na ang kamunduhan at pagkompromiso at ang takot sa tao ay hindi makakagawa sayo ng tagapagpaya na ninanais ng Diyos. Ngunit kapag napahayag na natin ang mensahe ng Diyos at ang Salita ni Jesus pagkatapos tayo nasa ganoong pangyayarii na ang mga tagapagpayapa na itinuturo ng Banal na Kasulatan na maging.

Bilang mga tagapagpaya, ilagay mo sa iyong isip na ang paguusig ay hahaba ng higit na ikaw ay paguusigin ng mga tao, na malapit sayo at kahit sa malapait na kamaganak,mga kapatid na lalaki, kapatid na babae, mga magulang, at mga anak, asawang lalaki o asawang

Bilang mga tagapagpaya, ilagay mo sa isip the kapag ang paguusig ay dumating mula sa loob ng pamilya nangangahulugang ang iyong pagibig patungo sa Diyos ay kailangang lumampas sa iyong pagibig sa iyong sariling pamilya. Ang gusto ng Diyis ay maging tunay na mga tagapagpaya at huwag makipagkompromiso.

Bilang mga tagapagpaya, kailangan mong tanggapin ba ikaw ay kamumuhian ng lahat ng tao, katulad ng sinabi ni Jesus at kailangan mong tiisin ito.

Bilang mga tagapagpaya, kapag ikaw ay pinaguusig, kailangan mong tumakas at magtago sa ibang bayan upang ipahayag ang Kanyang Salita, at ito ang magiging daan para sa mensahe upang maipalaganap. Hindi tayo nagtataas ng paghihigante at poot nguni't tayo ay nagpapalaganap pa ng Salita ng Diyos.

Bilang mga tagapagpaya, kailangan mong balaan ang mga nanguusig sa iyo at nanggugulo sayo na mayroong impierno sa unahan nila kung sila'y hindi magsisisi at tumalikod mula sa kanilang mga kasalanan at sa kanilang pagkapoot sa atin.

Bilang mga tagapagpaya, hindi ka dapat matakot mula sa mga tao, mula sa panguusig, mula sa pananakot, mula sa mga taong napopoot sa atin para sa kapakanan ng katotohanan, dahil ang Diyos ay magpapatuloy upang kalingain tayo, maitaguyod tayo, patunayan sa anong ginagawa natin, at hindi Niya hahayaan ang anuman na mangyari sa atin ng walang ang Kanyang kaalaman o pagapruba.

Bilang mga tagapagpaya kung ikaw ay maninindigan kasama ng Panginoon at gagawin ang misyon sa isang karapatdapat na paraan at kilalanin Siya at ang Kanyang Salita sa harapan ng mga tao. Kikilalanin Niya tayo sa huling araw sa harapan ng Diyos Ama. Sasabihin Niya sa Diyos Ama na kilala Niya tayo at tayo ay Kanya. Ngunit kung binigo natin Siya, Siya ay ipagkakaila tayo sa harapan ng Diyos Ama at Siya ay magsasabi na hindi Niya kilalala tayo

Bilang mga tagapagpaya na tinawag tayo na maging sa pamamagitan ni JesuCristo ay iba mula sa anong iniisip ng sanglibutan tungkol sa kapayayapaan:

Bilang mga tagapagpaya, nasaan na tayo ngayon mula sa Salita ni Jesus? Bilang mga manggagawa, bilang naglilingkod, bilang mga pastor, bilang simbahan ng Diyos, bilang katawagan, hinahayaan ba natin ang lahat ng tao ay mamuhi sa atin, o tayo ay nakipagkompromiso at pinupukaw ang galit at ang poot ng Panginoon laban sa atin?

Bilang mga tagapagpaya kung ang mga tao at malapit sa relasyon kamaganak ng higit sa Diyos sa gayon tayo ay hindi magiging karapatdapat sa Kanya. Kailangan nating hayaan ang mga tao upang maging hindi karapatdapat sa atin, upang tayo ay maging karapatdapat kay Jesus.

Bilang mga tagapagpaya, kung ikaw ay mawalan ng buhay sa kagustuhan upang sumunod sa Salita ni Cristo at mga kautusan at mabuhay ng naayon sa kung anong Kanyang sinabi sa gayon ikaw ay makakasumpong ng tunay na buhay at walang hanggan na ibinigay ni Jesus sa atin. Ngunit kung tayo ay makamundo at gusto natin pasayin ang buhay katulad ng mga tao sa gingawa ng sanglibutan, sa gayon tayo ay mawawalan ng buhay at tayo ay magtatapos sa impyerno.

Bilang mga tagapagpaya, kung sila ay tinatanggap tayo kasama ng paraan ni Cristo na nais sa atin upang punatahan sa nasabing maalat na mensahe at madaliang misyon sa gayon ay tinatanggap nila si Cristo. Ngunit kung pupunta tayo sa kanila na may mga pagdiriwang ng kaarawan at pagdiriwang ng Pasko, pampaganda, at mga bigkis ng pang-papapuri sa gayon tayo ay nageendorso sa kanila Beelzebub.

Bilang mga tagapagpaya kailangan mong pumunta sa kanila bilang propeta na nagpapahayag sa kanila ng kalooban nb Diyos sa kanilang buhay at ano ang nais ng Diyos sa kanila upang gawin at kailangan nating pumunta sa kanila bilang matuwid na tao na nangagutom at nangauhaw para sa katuwiran, at kung silay tatanggapin tayo ayon doon aa gayon sila'y hindi nabigo upang tanggapin ang kanilang gantimpala mula sa Diyos. At habang sila'y sumosuporta sa atin at sa ating misyon at sumasangayon sa atin, pagkatapos ang Diyos ay gagantimpalaan sila sa naaayon.

Aking panalangin:

Ama naming Diyos ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, inilibing at bumangon mula sa mga patay sa ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ating ihayag sa Diyos ang ating mga kasalanan at mga maling gawain. Panginoon patawarin mo ako sa sumusunod na mga kasalanan

Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong walang katapatan, ang iyong pakikipagkompromiso, at para sa mimamahal mong mga tao lalo na sa kasapi ng iyong pamliya ng higit kay Cristo.

Panginoon ipinagkakatiwala ko aking sarili upang manatili sa iyong Salita na natanggap ko sa mensaheng ito na maging tunay na tagapagpaya bilang aming napagaralan sa mensaheng ito Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili upang makapagebanghelyo, upang harapin ang kasalanan, at upang ihayag sa mga makasalanan at gumagawa ng masama ang paghatol ng Diyos sa kanilang buhay. Panginoon ipinagkakatiwala ko aking sarili na pumunta bilang isang tupa, na maging matalino bilang isang ahas at maamo bilang isang kalapati. Panginoon bigyan mo ako ng higit pang karunungan at pagkaunawa at iderikta ako sa kung anong kailangan Kong gawin sa aking paglilingkod.

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na nagpakumbaba ng kanilang mga sarili sa harapan mo upang mabuhay bilanv mga tagapagpaya at ilapat ang mga prinsipyo na aming natutunan mula sa iyong Salita sa mensaheng ito, Panginoon protektahan mo sila, at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan.Panginoon aliwin mo sila at tiyakin sa kanila na ikaw ay sumasakanila at ginagabayan sila sa kanilang buhay. Panginoon ibigay mo sa kanila ang kagalakan, at kasayahan at kapayapaan. Panginoon bisitahin mo sila at ihayag ang iyong sarili sa kanila.

Panginoon protektahan kami mula sa paguusig. Panginoon harapin mo ang mga umaatake sa amin at gantimpalaan mo ang mga sumusuporta sa amin. Panginoon punuin mo ulit kami ng iyong Banal na Espiritu at gawin ang aming buhay na kaakit akit patotoo sa iba upang ang mga tao ay maniwala sayo at simulang sumunod sayo at mabihqy ayon sa iyonvg Salita at sa iyong katuwiran. Panginoon gamitin kami bilang mga tagapagpaya na nais mo sa amin na maging, upang magebanghelyo at upang gumawa ng bagong alagad na iyong itinalaga.

Panginoon, ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan na tulungan kami, protektahan kami, at ibigay sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at iyong kalooban. Panginoon punuin mo ulit kami mg iyong Banal na Espiritu at bigyan daan kami upang makapagebanghelyo at upang maabot ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng Salita ng Diyos. Panginoon kami'y nanalangin na iyong bigyang daan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa iyong simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa anomang kapahamakan upang kami'y hindi masaktan. Sumaamin nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ng pagibig ng Diyos at ng pakikipagkaisa ng Banal n Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.